
# *Magbilang Tayo sa labas at sa ating paligid*

Gawing masaya at praktikal ang mga pang araw araw na gawain para mapansin, matuklasan at matalakay ang Math

**Narito ang ilang mungkahi para masimulan ito sa inyong mga anak:**

- Maglaro ng tubig o buhangin sa labas. Gumamit ng timbangan o panukat na lalagyan na may iba't ibang laki.





- "Sa palaruan, maglaro habang ginagamit ang konsepto ng taas, haba, distansya, o mga hugis. Kaya mo bang humanap ng parisukat? Ng bilog?"

- Sa loob ng sasakyan, pansinin at talakayin ang bilis at distansya. Gaano kalayo? Gaano kabilis? Gaano katagal?





**Pansinin, tuklasin at talakayin ang Math sa mga pang araw araw na gawain!**

thesmithfamily.com.au

The Smith Family
Learn today, change tomorrow.

# *Magbilang Tayo sa labas at sa ating paligid*

## Mga masayang paraan upang mapag aralan ang Math sa bahay.



- "Pansinin ang Math sa pamilihan. Gumamit ng timbangan upang tuklasin ang pagkakaiba ng bigat, talakayin ang mga sukat, mga kulay."

  Kaya mo bang humanap ng 2 malaking pulang mansanas? Ano ang mas mabigat: mansanas o orange?

  "Ano ang nasa basket mo? I-grupo ang mga bagay ayon sa kanilang sukat, kulay, hugis."



- Bilangin ang iyong mga hakbang. Hulaan kung ilan ang hakbang papunta sa...?




**Pansinin, tuklasin at talakayin ang Math sa mga pang araw araw na gawain!**

thesmithfamily.com.au

The Smith Family
Learn today, change tomorrow.


# Magbilang Tayo sa bahay!





## Gawing masaya at praktikal ang mga pang araw araw na gawain para mapansin, matuklasan at matalakay ang Math

**Narito ang ilang mungkahi para masimulan ito sa inyong mga anak:**

- Kapag naghahanda ng merienda, itanong mo sa iyong anak kung pano mo hahatiin ang tinapay sa dalawa, sa apat, o kung paano makakagawa ng parisukat o tatsulok. Tanungin mo din kung ilan piraso ang mayroon siya ngayon?








- Magluto nang magkasama! Sukatin ang mga sangkap, kung gaano katagal o kabilis o di kaya ay pag usapan ang init o lamig ng niluluto.

- Gamitin ang oras ng paliligo para maglaro. Sukatin kung gano kadami ang tasang puno ng tubig. Aling mga laruan ang lumulubog? Aling mga laruan ang lumulutang?




**Pansinin, tuklasin at talakayin ang Math sa mga pang araw araw na gawain!**

thesmithfamily.com.au

The Smith Family
Learn today, change tomorrow.


# *Magbilang Tayo sa bahay!*



## Mga masayang paraan upang mapag aralan ang Math sa bahay.


- "Isama ang inyong anak sa paglalaba. Sabihan mo ang iyong anak na pagsama-samahin ang mga medyas na magkakapareho, pansinin kung may mga pattern"







- Gumamit ng tape measure upang malaman ang taas ng bata. Sino ang pinakamatangkad sa inyong pamilya? Sino ang pinakamaliit?

- "Sa inyong bakuran,  ano ang iyong makikita? Pansinin at maglaro gamit ang konsepto ng hugis, sukat, at timbang."





- "Maglaro ng mga blocks o domino at pag usapan ang mga sukat, hugis at pattern."

**Pansinin, tuklasin at talakayin ang Math sa mga pang araw araw na gawain!**

thesmithfamily.com.au

The Smith Family
Learn today, change tomorrow.